# Fact Sheet ng Ahensya Kaugnay ng COVID-19

Na-update ng Department of Children, Youth, and Families (DCYF) ang fact sheet na ito noong Mayo 27, 2020. Patuloy na ia-update ng DCYF ang dokumentong ito kung kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **dcyf.wa.gov**.

Para matigil ang pagkalat ng COVID-19 na virus, isinara ng DCYF ang mga pampublikong lobby sa lahat ng aming gusali at hindi ito nagsasagawa ng gawain nang personal.

**Kasuotang Pamproteksyon (Personal Protective Equipment o PPE)**

- Kasama rito ang mga guwantes, mask, gown, botas, at mask sa mukha.
- Nakatanggap ng PPE ang DCYF at ibinibigay ito sa mga 24/7 na pasilidad at sa tauhang posibleng mahantad sa COVID-19 virus. Alam naming mas marami pang PPE na kailangan, at sinusubukan naming makakuha pa.

## Mga Programa sa Suporta para sa Pamilya

**Pagbisita sa Tahanan**

- Noong Marso, hinilingan ng DCYF ang mga provider ng pagbisita sa tahanan na ihinto ang mga personal na pagbisita at mag-alok na lang ng mga pagbisita sa pamamagitan ng video o telepono. Puwedeng magpatuloy ang mga virtual na pagbisita hanggang Hunyo 30. Ang ilang provider ng pagbisita sa tahanan ay gumagamit ng mga pagbisita sa pamamagitan ng video o batay sa web, telepono, email, o text. Ang ilang provider ay naghahatid ng kagamitan sa mga pamilya sa isang ligtas na layo.
- Hinilingan ng DCYF ang mga programang pinopondohan ng Home Visiting Service Account (HVSA) na ihinto ang mga personal na pagbisita hanggang Hunyo 30.
  - Sa panahong ito, babayaran ng DCYF ang lahat ng account na may valid na gastos, kahit na hindi natutugunan ang lahat ng kinakailangan.

**Early Support for Infants and Toddlers (ESIT)**

- Ang mga provider ng maagang suporta ay gumagamit ng mga tawag sa telepono at video hanggang Hunyo 30, para ligtas na maipagpatuloy ang mga pagbisita sa pagitan ng mga bata at ng mga provider.

## Kapakanan ng Bata

**Hotline sa pagpasok**

- Patuloy na pinapatakbo ng DCYF ang toll-free 24/7 na hotline nito na 1-866-363-4276 para sa pang-aabuso at pagpapabaya.

**Pagbisita**

- Ipinagpapatuloy ng DCYF ang personal na pagbisita, pero sa panahon ng COVID-19 pandemic, puwedeng isagawa ang mga pagbisita sa pamamagitan ng isang kumbinasyon ng mga virtual at personal na pagbisita.

- Para tiyakin ang kaligtasan ng mga bata, patuloy na iimbestigahan nang personal ng DCYF ang mga ulat ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata.
- Hinilingan ng DCYF ang mga provider na sundin ang gabay at mga protocol na pangkalusugan ng DOH para gawing ligtas hangga't maaari ang mga pagbisita para sa lahat ng kalahok.

**Paglilisensya para sa Pangangalaga sa Mga Ulila**

- Gumawa ang DCYF ng emergency na proseso ng pagpaparaya at pagbubukod para suportahan ang mga programa at pamilya.
    - Kung hindi nila matutugunan ang mga kinakailangan ng Washington Administrative Code sa panahon ng COVID-19, kailangang makipag-ugnayan ang mga nag-aalalaga sa kanilang panrehiyong licensor para talakayin ang mga posibleng opsyon.
    - Tumawag sa 1-888-543-7414 para malaman kung paano maging isang kahaliling magulang.
- Hinilingan ng DCYF ang lahat ng provider na magsagawa ng social distancing, tulad ng ibinalangkas ng DOH at ayon sa direktiba ng Gobernador.

**Mga Pagsusuri sa Background**

Nagsagawa ang DCYF ng mga pagbabago sa mga pagsusuri sa background para sa mga programa sa kapakanan ng bata at maagang pagkatuto para paikliin ang tagal ng pagbabalik, ligtas na maalis ang mga hadlang, at masuri ang mga taong puwedeng mangalaga sa mga bata.

## Pangangalaga sa Bata

- Hindi dapat hihigit sa 10 ang kabuuang dami ng tao sa bawat kwarto, kasama na ang mga bata at adulto, sa mga child care center at provider ng tahanan ng pamilya. Kung may lugar ang isang center para paghiwalayin ang mahigit sa isang grupo, puwede nilang gawin iyon.
- Nangangailangan ng pangangalaga sa bata ang mga unang tagaresponde at mahahalagang manggagawa (mga nars, doctor, tagapagpatupad ng batas, firefighter, paramedic, at social worker). Ininirekomenda ng DCYF na paglingkuran ng mga provider ang mga pamilyang nasa mahalagang listahan at ang mga pinakakaawa-awang bata batay sa pangangailangan ng komunidad.
- Nag-aalok ang DCYF ng suporta sa mga provider ng pangangalaga sa bata sa ilalim ng CARES Act. Puwedeng mag-apply ang mga provider para sa tulong na pera bago ang Hunyo 30 o hanggang sa maubos ang pondo sa **wacompass.force.com/PP_LoginPage**.

**Subsidy para sa Pangangalaga sa Bata**

- Binabago ng DCYF ang mga panuntunan para sa mga aktibidad, para makakuha ng pangangalaga sa bata ang mga pamilya sa panahong ito.
    - Kada 12 buwan, dapat muling magbigay ng pahintulot ang mga pamilya para sa pangangalaga at mayroong mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado. Ginagawang flexible ng DCYF ang mga panuntunan para manatiling kwalipikado ang mga pamilya.
    - Kailangang muling mag-apply ang mga pamilya kapag hinilingan silang gawin ito at iulat ang kanilang mga kalagayan at aktibidad.

- Hinihimok namin ang mga pamilya na muling mag-apply para mapanatili ang pagiging kwalipikado nang sa gayo'y makakuha sila ng pangangalaga sa bata kapag kailangan.
- Inaalis ng DCYF ang mga copayment para sa Abril, Mayo, Hunyo para sa mga pamilyang tumatanggap ng Working Connections Child Care. Babayaran ng DCYF ang mga provider ng buong halaga, kasama na ang basehang rate at ang halaga ng copay na binayaran sana ng pamilya.

**Mga Kalahok sa Mga Early Achiever**

- Ang mga provider na nakikilahok sa Mga Early Achiever ay patuloy na makakatanggap ng mga gantimpala sa pagpapahusay ng kalidad at mga rate ng tiered reimbursement na kalakip ng pagbabayad nilang batay sa pag-enroll. Iniuurong ni Gobernador Inslee ang mga batas na nauugnay sa mga timeline at kinakailangan ng Mga Early Achiever na hindi makakaapekto sa pagbabayad ng mga ito.

## Juvenile Rehabilitation (JR)

- Pinalitan ng DCYF ang mga personal na pagbisita ng mga pagbisitang batay sa video.
- Dapat paunang masuri para sa mga sintomas ng COVID-19 ang lahat ng tauhan at vendor na pumapasok sa mga 24/7 na pasilidad.
- Bago pumasok sa gusali ng JR, tinatanong ang mga tauhan, vendor, at contractor kung may nakasalamuha ba silang sinumang nagpapakita ng mga sintomas.
- Ang lahat ng tauhan, residente, at contractor ay dapat maghugas ng kanilang mga kamay kapag pumapasok sila sa mga pasilidad.
- Regular naming dini-disinfect ang mga pasilidad, lalo na ang mga lugar na madalas mahawakan.
- Dapat ipaalam kaagad ng lahat ng residente sa tauhan kung masama ang pakiramdam nila.
- Kung may sinumang magkasakit, makikipag-ugnayan kaagad ang tagapagbigay ng medikal na pangangalaga at aabisuhan niya ang pamilya.

## Pakikipag-ugnayan

Pakibisita ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa website ng DCYF o makipag-ugnayan sa **dcyf.covid-19@dcyf.wa.gov** para sa anumang tanong.

Kung gusto mo ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang kahaliling format o wika, makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).

DCYF PUBLICATION COMM_0078TA (05-29-2020) TAGALOG